


Musika

Kwarter 1 – Modyul 2: Rhythmic Patterns



Musika – Grade 4
Alternative Delivery Mode
Kwarter 1 – Modyul 2: Rhythmic Patterns
Unang Edisyon, 2020

“Isinasaad ng **Batas Republika 8293, sekyon 176** na “Hindi maaaring magkaron ng karapatang-ari (sipi) sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito’y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaringgawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.”

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand names, tatak o trademarks, palabras sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis-Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Serena A. Bardaje

Editor: Jerilyn M. Torio

Tagasuri: Cynthia T. Montañez

Tagaguhit: Emma N. Malapo

Tagalapat: Serena A. Bardaje

Tagapamahala: Regional Director: Gilbert T. Sadsad

CLMD Chief: Francisco B. Bulalacao, Jr.

Regional EPS In Charge of LRMS: Grace U. Rabelas

Regional ADM Coordinator: Ma. Leilani R. Lorico

CID Chief: Gerson V. Toralde

Division EPS In Charge of LRMS: Belen B. Pili

Division ADM Coordinator: Cynthia T. Montañez

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region V

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Telefax: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

Musika

Kwarter 1 – Modyul 2:

Rhythmic Patterns

Paunang Salita

Ang Self-learning Module o SLM ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral so kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral mna may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahn ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Magandang Araw sa iyo!

Sa nakaraang modyul, natutuhan mo ang iba't-ibang uri ng note at rest at ang kaukulang bilang ng mga ito. Sa pagpapatuloy mo ng pag-unawa tungkol sa rhythm ay malalaman mo na ang pagtitimbang-timbang ng iba-ibang uri ng note at rest ay makabubuo ng rhythmic patterns.

Ang Rhythm ay paulit-ulit na tunog na naririnig batay sa diin at tagal na tinatanggap ng mga note at rest. Napapasunod ka rito kapag nakaririnig ka ng musika at madalas ay naigagalaw mo ang iyong ulo, mga daliri, kamay o paa sa pagsunod sa rhythm. Ginagawa mo ito sapagkat nadarama mo ang pulso ng awit o tugtugin.

Ang kaalaman sa rhythm ay mahalaga sa pagtugon at pakikinig sa musika, pag-awit at pagtugtog.

Dalawang aralin ang bumubuo ng modyul na ito:

Aralin 1: Ang Rhythmic Pattern

Aralin 2: Rhythmic Patterns at ang Rhythmic Syllables

Layunin ng modyul na ito ang mga sumusunod:

1. Nababasa ang iba't-ibang rhythmic patterns.
2. Nakikilala ang mga iba't-ibang uri ng note at rest na bumubuo ng rhythmic pattern at ang mga Rhythmic Syllables



Subukin

Malalaman natin na ang *Rhythm* ay isa sa mahalagang sangkap ng musika, maari itong pag-aralan na wala ang ibang elemento ng musika.

Subukan natin ang mga gawain sa pagtugon sa rhythm. Bago ka mag-umpisa, humingi ng tulong sa iyong kasamahan sa bahay para sa video recording ng iyong mga gagawin. Ibigay ang kopya ng output sa iyong guro.

Handa ka na ba?

A.

Ang Sitsiritsit ay Filipino folksong. Pakinggan ang tono ng awit sa link na ito <https://www.youtube.com/watch?v=eThvZ-GV98Q>. Sabayan ang pag-awit ng anumang paggalaw na iyong nais gawin. Baka gusto mong pumadyak, pumalakpak, magkampay ng mga kamay, o sumayaw.

Sitsiritsit

Sitsiritsit alibangbang, salaginto't salagubang
Ang babae sa lansangan kung gumiri'y parang tandang.

Santo Niño sa Pandacan, puto seko sa tindahan
Kung ayaw mong magpautang, uubusin ka ng langgam.

Mama, Mamang namamangka, pasakayin yaring bata
Pagdating sa Maynila, ipagpalit ng manika.

Ale-aleng namamayong, pasukubin yaring sanggol
Pagdating sa Malabon, ipagpalit ng bagoong.

Sa iyong paggalaw na kasabay ng pag-awit, naramdaman mo marahil na may animo'y pulso ang musika. Bukod sa may pulsang mararamdaman, mas mabibigat ang bagsak ng tunog kaysa iba at ito'y naipapahiwatig sa iyong paggalaw.

Ang galaw o indayog ng musika ay tinatawag na *rhythm* at ito'y mahalagang sangkap ng musika.

Isulat mo sa iyong papel ang mga kasagutan sa mga tanong na:

1. Maayos mo bang naawit ang Sitsiritsit?
2. Ano ang ginawa mo habang umaawit?
3. Ano ang pakiramdam mo habang ikaw ay umaawit? ____

B. Narito ang halimbawa ng rhythmic pattern.
Subukan mong ipalakpak ang mga ito:

2 | | | | :||
Metrong dalawahan

Isa, dalawa isa, dalawa isa, dalawa

2 | | | | ||
Metrong dalawahan

Isa, dalawa isa, dalawa isa, dalawa

Sa iyong pagpalakpak, ang isang | ay katumbas ng isang palakpak. Kapag nakita ang simbolong repeat sign (: ||) nangangahulugan itong uulitin ang buong rhythmic pattern sa simula. Kailangang sumunod sa tamang pulso ang bawat palakpak.

Handa ka na bang gawin mga pagsasanay?

Aralin

1

Ang Rhythmic Patterns




Balikan

- A. Kaya mo bang kilalanin muli ang mga sumusunod na simbolong pangmusika?

Isulat sa papel ang katawagan ng bawat note at rest.

Isulat din ang kumpas ng mga ito.



Ilan ang nakuha mong tamang sagot sa pagsasanay?

Naalala mo pa ba sa unang modyul ang tungkol sa Equivalent Value Chart ng note at rest. Pag-aralan muli ang Equivalent Chart ng note at rest. Tandaan na ang tsart na ito ay angkop sa time signature na $\frac{2}{4}$, $\frac{3}{4}$ at $\frac{4}{4}$.

EQUIVALENT VALUE CHART OF NOTE

Whole note

Half Note

Quarter Note

Eighth Note

Ibig sabihin:



Ang walong(8) Eighth Note() ay katumbas ng isang whole note ().

Ang apat (4) na Quarter Note()ay katumbas ng isang whole note().

Ang dalawang (2) Half Note () ay katumbas ng isang whole note ().

B. Pag-aralan ang bawat bilang. Bilangin ang kumpas ng note sa magkapares na kahon.

Gumuhit ng isang bituin sa iyong papel. Sa loob ng bituin, isulat ang bilang ng magkaparehong kumpas.

1.			4.		
2.			5.		
3.					

EQUIVALENT VALUE OF REST

Whole rest

Half rest

Quarter rest



Eighth rest


							
							
							
							

Ibig sabihin:

Ang walong (8) Eighth Rest () ay katumbas ng isang whole rest ().
Ang apat (4) na Quarter Rest () ay katumbas ng isang whole rest ().
Ang dalawang (2) Half Rest () ay katumbas ng isang whole rest ().

C. Gumuhit ng isang bilog sa iyong papel. Isulat sa loob ng bilog ang bilang ng magkaparehas ang kumpas.

1.  at  4.  at 
2.  at  5.  at 
3.  at 



Tuklasin

Ang *meter* ay isa sa mga elemento ng *rhythm*. Ito ay ang pagpapangkat-pangkat ng mga kumpas o pulso sa musika.

Pag-aralan mo ang mga sumusunod na uri ng meter (metro) sa musika. Sumunod ka sa bilang at pulso ng bawat note.

Ritmong Dalawahan (Duple Meter)

-may dalawang bilang sa bawat sukat

2
4

1 2 1 2 1 2

← bilang ng bawat sukat

2
4

1 2 1 2 1 2

Ritmong Tatluhan (Triple Meter)

-may tatlong bilang sa bawat sukat

3
4

1 2 3 1 2 3 1 2 3

← bilang ng bawat sukat

3
4

1 2 3 1 2 3 1 2 3

Ritmong Apatan (Quadruple Meter)

- may apat na bilang sa bawat sukat

4
4

1 2 3 4 1 2 3 4 1 2 3 4

← bilang ng bawat Sukat

4
4

1 2 3 4 1 2 3 4 1 2 3 4 1 2 3 4

Maaari gamitin ang iba pang mga uri ng note at rest sa pagbuo ng rhythmic patterns sa metrong dalawahan, tatluhan at apatan.



Suriin

Ang rhythmic pattern ay nabubuo sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng mga note at rest na naaayon sa katumbas na bilang ng kumpas sa nakasaad na meter at sa time signature.

Gawin mo ito:


A. Alamin mo kung ang bawat rhythmic pattern ay angkop sa metrong kinabibilangan. Bawat bilang ay may apat na sukat. Isulat sa papel ang **dalawang sukat na magkaparehas** ang kumpas.

2 4	
3 4	
4 4	

B. Gumawa ng tatlong sukat (measures) ng rhythmic pattern sa bawat meter. Gumamit ng barline sa paghihiwalay ng bawat sukat o measure. Gawin ito sa iyong papel.

1. Metrong dalawahan	2 4	Halimbawa:			
2. Metrong tatluhan	3 4	Halimbawa:			
3. Metrong Apatan	4 4	Halimbawa:			

Lagyan ng kaukulang kumpas ng mga note at rest sa bawat sukat o measure.



Pagyamanin

Pag-aralan ang rhythmic patterns sa piyesang “Tayo Na”.

Tayo Na!

Maria Elena D. Digo

Ang ma - nga ba - ta'y na - ri - to na.

Mag - han - da na't la - la - kad na.

Ang ma - nga ga - mit ay da - la - hin na

La, la, la, la, Ta - yo'y la - la - kad na.

Source: Musika at Sining Kagamitan ng Mag-aaral p. 9

Gawin mo ito:

- A. 1. Kumopya ng limang (5) measures ng rhythmic patterns na matatagpuan sa awiting “Tayo Na”. Gawin ito sa iyong papel.
 2. Isulat sa ibaba ng note ang katumbas na kumpas ng mga ito.
- B. Ipalakpak ang mga rhythmic patterns sa awiting Tayo Na habang ibinibigkas ang titik ng awit. Gumawa ng video recording ng pagsasanay at ipadala sa guro sa pamamagitan ng messenger.



Isaisip

Basahin nang mabuti ang isinasaad ng pangungusap. Hanapin ang sagot sa mga pagpipilian sa ibaba. Isulat lamang ang titik ng tamang sagot sa iyong papel.

1. Nabubuo ito sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng mga note at rest na naaayon sa katumbas na bilang ng kumpas sa nakasaad na meter. _____
2. Ito ay uri ng meter na may apat na kumpas. _____
3. Ginagamit na panghati upang makabuo ng sukat o measure. _____
4. Pagpapangkat-pangkat ng mga kumpas o pulso sa musika. _____
5. Ito ay uri ng meter na may dalawang kumpas. _____

- | | |
|--------------------|---------------------|
| A. Barline | D. Meter |
| B. Duple meter | E. Rhythmic Pattern |
| C. Quadruple meter | |



Isagawa

Tingnan ang mga rhythmic patterns sa bawat bilang. Iguhit sa iyong papel ang rhythmic pattern na angkop sa meter. Isulat ang katumbas na kumpas sa ibaba ng note o rest.

- | | |
|-----------------------------|---------------|
| 1. <u>Metrong apatan</u> | ♩ ♩ ♩ ♩ ♩ ♩ |
| 2. <u>Metrong tatluhan</u> | ♩ ♩ ♩ ♩ ♩ |
| 3. <u>Metrong dalawahan</u> | ♩ ♩ . ♩ ♩ |



Tayahin

Kunin ang iyong sagutang papel at gawin ang mga sumusunod.

1. Kopyahin at iguhit ang uri ng note na kukumpleto sa bawat patlang ng rhythmic pattern.

a. dalawahan | ♩ _ | ♩ _ 7 |

b. tatluhan | { _ ♩ | _ ♩ |

c. apatan | ♩ _ ♩ | ♩ ♩ _ |

2. Narito ang rhythmic patterns sa 4 time signature.
4

$\frac{4}{4}$ | ♩ ♩ ♩ | ♩ ♩ ♩ ♩ ♩ | ♩ ♩ | ♩ ♩ ♩ ♩ |

- a. Kopyahin sa papel ang rhythmic patterns.
- b. Isulat ang tamang kumpas sa ibaba ng bawat note.
- c. Ipalapak nang tama ang mga rhythmic patterns.
- d. Gumawa ng audio o video recording sa pagsasanay na ito para ibigay sa guro.



Karagdagang Gawain

1. Gumawa ng 4 na measures ng rhythmic patterns sa bawat meter (dalawahan, tatluhan at apatan)
2. Kasama ang ilan sa iyong kasambahay, Ipalapak nang maayos ang ginawang rhythmic patterns. Sumunod sa wastong kumpas ng note o rest. Gumawa ng video o audio recording para may maipakita sa guro.



Subukin

- A. Basahin at unawain ang katanungan. Sa iyong papel, isulat ang T kung tama ang pangungusap at M kung ito ay mali.
1. Ang mga note ay simbolo ng tunog sa musika.
 2. Ang note na may pinakamahabang tunog ay ang quarter note.
 3. Pareho ang bilang ng kumpas ng isang half note at dalawang quarter note.
 4. Ang note na may apat na kumpas ay ang whole note.
 5. Higit na mas mahaba ang bilang ng kumpas ng eighth note kaysa sa half note.

B. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong papel.

1. Ang  ay katumbas ng _____.
a.   b.   c.   
2. Ang  ay katumbas ng _____.
a.   b.   c.  
3. Ang      ay katumbas ng _____.
a.  b.  c. 
4. Ang   ay katumbas ng _____.
a.  b.  c. 
5. Ang   ay katumbas ng _____.
a.  b.  c. 

Ang Rhythmic Patterns at Rhythmic Syllables

Lahat ng uri ng musika ay may beat o pulso na nararamdaman natin sa tuwing tayo ay nakikinig dito. Ito ay gumagabay sa mga mang-aawit at mga manunugtog upang makasunod sa tamang bilis at daloy ng awit. Ang beat ay pinakasimpleng yunit ng musika at elemento ng rhythm.



Balikan

Naalala mo pa ba ang iba't-ibang uri ng meter? Dito natin binabatay ang bilang ng kumpas sa isang sukat o measure. Mayroon tayong metrong dalawahan, metrong tatluhan, at metrong apatan.

Isulat ang kabuuhan ng kumpas ng note at rest sa bawat bilang upang malaman mo kung ang meter ay dalawahan, tatluhan o apatan.

- | | | | |
|-----|--|---|--------------|
| 1. | | = | _____ kumpas |
| 2. | | = | _____ kumpas |
| 3. | | = | _____ kumpas |
| 4. | | = | _____ kumpas |
| 5. | | = | _____ kumpas |
| 6. | | = | _____ kumpas |
| 7. | | = | _____ kumpas |
| 8. | | = | _____ kumpas |
| 9. | | = | _____ kumpas |
| 10. | | = | _____ kumpas |



Tuklasin

Isa sa pinakamahalagang elemento ng musika ang rhythm. Ang rhythm ang nagbibigay ayos o porma sa daloy o takbo ng musika. Kinabibilangan ito ng mahahalagang aspekto tulad ng pulse, rhythmic pattern, mga rhythmic syllable, note, rest at beat.

Halina at pag-aralan mo naman ang rhythmic syllables para lalong maunawaan ang kahalagahan ng rhythm.

Gawain mo ito.

Kopyahin ang bilang 1,2 at 3 sa iyong papel.

Lagyan ng angkop na rhythmic syllables sa ilalim ng note.

1.	$\frac{2}{4}$	
2.	$\frac{3}{4}$	
3.	$\frac{4}{4}$	

Ipalakpak ang bawat kumpas ng note o rest.

Nagawa mo ba nang maayos? Magaling!

Ang mga note at rest ay maaaring pagsama-samahin upang makabuo ng rhythmic pattern. Ang rhythmic pattern ay ang batayan upang masundan nang wasto ng mga mang-awit at mga manunugtog ang musika at titik ng awitin na kanilang inaaral o itatanghal. Ang isang rhythmic pattern ay binubuo ng mga note at rest na pinagsama-sama ayon sa bilang ng beat sa isang measure. Maaaring ito ay sukat na dalawahang kumpas, tatluhang kumpas, o apatang kumpas.

Masdan mo ang halimbawang ito. Pag-aralan ang kumpas ng bawat note. Bigkasin nang maayos ang rhythmic syllables ayon sa wastong bilang ng kumpas. Tandaan na ang rest ay hindi linalagyan ng syllables dahil wala itong tunog.

2/4: | 1 ta 2 ta | 1 and 2 ti - pi ta | 1 2 ta - a | ← Rhythmic syllables

3/4: | 1 ta 2 3 ta-a | 1 and 2 and 3 ti - pi ti - pi ta | 1 ta 2 3 ta-a | ← Rhythmic syllables

4/4: | 1 2 ta-a 3 4 ta | 1 2 3 4 ta-a-a-a | 1 and 2 and 3 4 ti - pi ti - pi ta ta | ← Rhythmic syllables

Ang Rhythmic Syllable

Isa sa mga aspekto ng rhythm na nakatutulong upang maging epektibo ang pag-aaral ng awit o musika ay ang rhythmic syllable. Bawat note ay may angking rhythmic syllable na nakatutulong upang higit na maunawaan ang kabuuhan ng isang rhythmic pattern.

Narito ang mga uri ng note at kaukulang rhythmic syllables

 Ta-a-a-a
  ta-a
  ta
  ti -pi

Gawain 2:

Bigkasin ang sumusunod na rhythmic syllable kasabay ng pagpalakpak ng rhythmic pattern.

4/4: | ta-a ta ta | ti- pi ta ti -pi ta | ta-a ta ta |




Iparinig sa guro ang ginawa mong video o audio recording.




Suriin

Kung ang rhythmic pattern ay may mga rest, hindi kailangang bumigkas ng syllable dito dahil ang mga ito ay walang tunog. Bagkus, magpapahinga ayon sa bilang ng bawat beat ng rest.

Pag-aralan ang sumusunod na mga rhythmic patterns. Ipalakpak o itapik ang mga ito kasabay ng pagbigkas ng mga rhythmic syllable. **Palaging tandaan na sa unang kumpas ng note lang kayo papalakpak. Kailangang huminto rin sa lahat ng rest ayon sa kumpas nito.**





Pagyamanin

Kopyahin sa papel ang mga note at rest. Gamit ang barline, hatiin ang iba't-ibang note at rest upang makabuo ng mga rhythmic patterns.



Sa ibaba ng note, isulat ang angkop na rhythmic syllables.



Isaisip

Piliin sa kahon ang angkop na salita na bubuo ng konsepto.

Ang (1)_____ ang nagbibigay-ayos o porma sa daloy o takbo ng musika. Kinabibilangan ito ng mahahalagang aspekto tulad ng pulse, rhythmic pattern, mga rhythmic syllables, note, rest at beat.

Ang mga note at mga rest ay maaaring pagsama-samahin upang makabuo ng (2)_____.

Ang isang sukat ng rhythmic pattern ay maaaring (3)_____, (4)_____, o (5)_____ na beat.

dalawahan rhythm apatan rhythmic pattern tatluhan



Isagawa

Kumuha ka ng partner (kaibigan, kasamahan sa bahay, o kahit sino) na makakatulong sa iyo sa pagtugtog ng rhythmic patterns.

Ang mga rhythmic syllables ay maaaring makatulong para mapadali ang pag-unawa sa rhythmic patterns.

Kumuha ng improvised musical instruments (tulad ng patpat, woodblocks, bao, tambourine at iba pa) at pag-aralan ang rhythmic patterns na nasa ibaba,

Mag-record ng iyong gawain upang may maipakita sa guro.



Tayahin

Piliin ang tamang sagot sa loob ng panaklong. Isulat ang sagot sa iyong papel.


1. Ang mga note at rest ay maaaring pagsama-samahin upang makabuo ng _____.
(rhythmic syllables, rhythm, rhythmic pattern)
2. Ang _____ ay nagbibigay-ayos o porma sa daloy o takbo ng musika.
(rhythmic syllables, rhythm, rhythmic pattern)
3. Ang isang _____ ay maaaring pandalawahan, pantatluhan o pang-apat na beat.
(rhythm, meter, syllable)
4. Ang _____ ay ang batayan upang masundan nang wasto ng mga mang-awit at mga manunugtog ang musika at titik ng awitin na kanilang inaaral o itatanghal.
(rhythmic syllable, rhythm, rhythmic pattern)
5. Ang uri ng meter na may tatlong kumpas ay _____

- (metrong dalawahan, metrong tatluhan, metrong apatan)
6. Magkapareho ang kumpas ng  at _____.
( ,  , )
7. Ito ay ginagamit na panghati upang makabuo ng sukat o measure.
(staff, barline, repeat mark)
8. Ang rhythmic syllable na ginagamit sa  ay _____.
(ta-a, ti-pi, ta)
9. Ito ang uri ng rest na kukumpleto sa rhythmic pattern ng $\frac{3}{4}$
Time signature na  — 
( ,  , )
10. Ang time signature na angkop sa metrong apatan ay _____.
($\frac{2}{4}$, $\frac{3}{4}$, $\frac{4}{4}$)



Karagdagang Gawain

Pag-aralan ang rhythmic patterns sa $\frac{3}{4}$ time signature.



Gawin ang mga sumusunod:

1. Kumuha ng kapareha upang may kasama kang tutugtog.
2. Gamit ang improvised musical instruments tulad ng patpat, bao, woodblocks, tambourine at iba pa), isaliw ang rhythmic patterns habang inaawit ang kantang Bahay Kubo.
3. Gawin muna ito ng ilang beses para maisaulo ang rhythmic pattern.
4. Gumawa ng video o audio recording at ipasa sa guro.



Susi sa Pagwawasto

Subukin 1


2. napapaindak, napapasayw, atbp

3. masaya dahil nararamdaman ang pulso ng awit.

Baliknan

A. 1. Whole note 4
2. half note 2
3. quarter note 1
4. eighth note 1/2
5. whole rest 4
6. half rest 2
7. quarter rest 1
8. eighth rest 1/2

B. 

C. 

Tuklasin

1. Time Signature

2. May dalawang kumpas sa bawat sukat

4. Quarter note o rest ang tumatanggap ng isang kumpas


3. May tatlong kumpas sa bawat sukat

4. Quarter note o rest ay tumatanggap ng isang kumpas

4. May apat na kumpas sa bawat sukat

4. Quarter note o rest ay tumatanggap ng isang kumpas

Surin

A. 

B. depende sa sagot ng mga bata

Isaisip

E 1. Rhythmic patterns
C 2. Times signature
A 3. Barline
D 4. Meter
B 5. Duple

Karagdagang Gawain

Depende sa sagot ng bata

Isagawa

1. Metrong apatan
2. Metrong tatluhan
3. Metrong dalawahang

Tayahin

a. 
b. 
c. 

CO_Q1_Music 4_Module 2

Sanggunian

Copiaco, Jacinto Jr., Halinang Umawit at Gumuhit, Vibal Group Inc.,2016

Kagawaran ng Edukasyon, Patnubay ng Guro, Book Media Press Inc.,2015

Kagawaran ng Edukasyon, Kagamitan ng Mag-aaral, Book Media Press Inc.,
2015

Valdecantos Emelita C., Umawit at Gumuhit, St. Mary's Publishing Corp.,
1999

[google.com/search?q=kinds+of+note+clipart+png&oeq=kinds+of+note+clipart
+ png&aqs=chrome..69i57j33.19760j1j7&sourceid=chrome&ie=UTF-8](https://www.google.com/search?q=kinds+of+note+clipart+png&oeq=kinds+of+note+clipart+png&aqs=chrome..69i57j33.19760j1j7&sourceid=chrome&ie=UTF-8)

<https://www.youtube.com/watch?v=eThvZ-GV98Q>.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph